BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 19 10.00 FEBRUARY 6 - 12, 2023

## Kaninong human rights ang ipinaglalaban ng CHR? P3

## P30.9B iligal na droga nalambat sa 2022 anti-drug drive – Malakanyang P2

# Para iwas buntis, benta ng alak higpitan



**ni ADELA R. ZAMORA –** May kinalaman ba ang paglaklak ng alak sa mataas na bilang ng mga babaeng tinedyer na maagang nabubuntis?

Sa paniniwala ni Senador Raffy Tulfo na kailangang higpitan at kontrolin ang pagbibigay lisensiya at pagbebenta ng alak sa mga tindahan.

Nabatid sa pagdinig sa Senado na tumaas ang bilang ng mga nabubuntis na batang babae na edad 10-14.

"Siguro po isa-suggest ko, i-legislate natin 'to na magkaroon ng liquor license ang lahat ng tindahan na nagtitinda ng liquor. Kapag nag-violate ka, nagbenta ka ng liquor sa minor, kakanselahin 'yung lisensya mo forever. Hindi ka na pwede magtinda ng liquor. Kapag nagpumilit ka, pwede ka makulong," sabi ni Tulfo.

Nais din ni Tulfo na magpatupad ang mga paaralan na pagbawalang lumabas sa kampus ang mga estudyante, lalo sa high high school sa oras ng pag-aaral.

Dapat din na magkaroon ng batas na obligadong magpakita ng identification card ang mga babaeng may kasamang lalaki na pumapasok sa mga motel at hotel.

"Maraming beses na po akong nakakatanggap ng reklamo na maraming minors ang dinadala sa motels at hotels na mga lalaking nakakatanda sa kanila, nire-rape pa because hindi hinahanapan ng ID yung mga pumapasok na kababaihan doon," diin ni Tulfo.

Iminungkahi rin ni Tulfo na dapat 400 metro ang layo ng mga motel at hotel sa mga eskwelahan sa bansa.

Sa ulat noong 2021, tumaas mula sa 2,113 noong 2020 sa 2,299 noong 2021 ang dami ng mga kabataang nanganganak.

# Mayor Strike leads city's bio remediation

by ELI C. TAPARAN -- Bacoor City residents lauded the efforts of the local government to strike out pollutants in the waterways of the Bacoor Eco-Park with the launching of the Bio-Remediation project last Friday, February 3.

In his Facebook page, Mayor Strike Revilla said: "Inilunsad po ang Bio-Remediation sa Bacoor Eco-Park, Brgy. Molino 5, kung saan tinatanggal ang mga pollutants sa tubig gamit ang iba't ibang epektibong microorganisms at Bokashi mudballs."

Mayor Revilla claimed that this activity was important as it would clean up the tributaries that lead to Manila Bay.

He said: " Sa ganitong pamamaraan ay unti-unting nalilinis at pinapalinaw ang mga daluyang tubig. Mahalaga po ito upang ang mga tributaries na dumadaloy sa Manila Bay ay maging malinaw, malinis, pollution-at toxic-free, at maitaas ang antas nito into a water quality class C."

Studies showed that Bio-Remediation would ensure that the tributaries are clean and clear and free of pollutants and toxic materials.

Mayor Strike said that with the introduction Bio-Remediation, the water quality would be class C .

Bacoor City is the first LGU in Cavite to have a bio-remediation project, which is part of the Manila Bay Rehabilitation program, said Revilla.

"Ang lungsod ng Bacoor po ang ang kauna-unahang sa Cavite na magkaroon ng Bio-Remediation project na bahagi ng Manila Bay Rehabilitation program," Mayor Revilla said.

He added that the activity was made possible with the cooperation of the Environmental Management Bureau CALABARZON and the Effective Microorganisms Research Philippines.

"Katuwang nain dito ang Environmental Management Bureau (EMB)-CALABARZON, sa pakikipagtulungan ng Effective Microorganisms Research Philippines. Kabilang sa mga naging panauhin natin sina Engr. Wilfredo Billones, focal person ng Manila Bay Program, at Mrs. Rosalia Arceo, ng EM Research Philippines, Inc." said Mayor Revilla.




Photo courtesy of facebook.com/strikerevilla





## Pinoy numero unong social media users

**ni ADELA R. ZAMORA –** Top number one tayong Pinoy sa paggamit ng social media, lalo na sa mga nasa edad 16 hanggang 64, ayon sa dalawang international researchers.

Ayon sa 2023 Global Digital Report ng Meltwater at ng We Are Social, umamin ang 46 percent ng mga Pinoy na nakababad sila sa pagsubaybay sa mga balita at post ng mga social media influencers at iba social media platforms.

Kasunod ng Pilipinas sa numero 2 ang Nigeria (45.4 percent), Brazil (41.7 percent), Kenya (35.2 percent), South Africa (34.6 percent), Indonesia (34.4 percent), Saudi Arabia (30.1 percent), Colombia (29.6 percdent), Mexico (28.2 percent) at Malaysia (28.1 percent).

*Sundan sa pahina 2*




## Paminta, kape, atsara, rekadong pampalasa, atbp sa "Produktong Bailen" Page 4

## Cool musicians sa Alfonso, ikinatuwa ni Mayor Salamat P.5

# 206 big ticket projects under PBBM admin under study by NEDA for approval



*SUBWAY project President Ferdinand Marcos Jr. looks on during the contract signing of the construction of the Metro Manila Subway Project's Quezon Avenue and East Avenue stations as well as the Anonas and Camp Aguinaldo's stations. Photo from Manila Times*

THE National Economic and Development Authority (NEDA) said it would come up with a final list of major projects under the Marcos administration at the end of the first quarter of 2023 following the initial release of seven high-impact projects this week.

NEDA Undersecretary Rosemarie Edillon said in a media forum on Saturday that the socioeconomic planning body is currently vetting a long list of projects.

"So far, mga 206 iyong nasa listahan ngayon. And that's just for iyong tinatawag nating magiging flagship. That could still be trimmed down... iyon nga tinitingnan natin iyong viability nito," Edillon said.

"Iyong the benefits versus the cost, of course. Kasi iyong longer list, ito iyong mga 3,000 projects iyon, all the way to 2028. But, like I said, iyong listahan na iyon, we will come up with it, it will be uploaded again on the NEDA website by the end of this first quarter," the official said.

The socioeconomic planning official also said those government projects will be funded through various schemes such as public private partnership (PPP), grants and government allocation.

In implementing PPP projects, Edillon said the administration will focus on solicited PPPs, or those well-crafted and vetted projects, which could help the government achieve its targets of economic growth, increased employment and poverty reduction.

The high-impact projects approved by the NEDA Board, chaired by President Ferdinand R. Marcos Jr., include the establishment of a 300-bed capacity University of the Philippines (UP)-Philippine General Hospital (PGH) Cancer Center-Public Private Partnership (PPP) project, increasing the cost of the Metro Rail Transit Line 3 (MRT-3) rehabilitation project, utilization of the Japan International Cooperation Agency (JICA) loan balance for the new Communications, Navigation, Surveillance-Air Traffic Management (CNS-ATM) system, and the construction of new Dumaguete Airport Development Project.

Other projects approved or confirmed by the NEDA board also include the Department of Agriculture's Mindanao Inclusive Agriculture Development Project (MIDP), and the Department of Public Works and Highways' (DPWH) P20-billion first phase of the Integrated Flood Resilience and adaptation project in three major river basins in the country.

# P30.9B iligal na droga nalambat sa 2022 anti-drug drive –Malakanyang

**ni ADELA R. ZAMORA** – Sa inulat na trabaho ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) na ipiniresenta kay Pres. Bongbong Marcos, sinabi na nakakumpiska ang ahensiya ng halos P30.9 bilyong ilegal na droga.

Sa ulat, sinabi rin ng PDEA na winasak nito ang halos P27.8 halaga ng bawal na gamot noong nakaraang taon at ang pagka-aresto sa 53,002 na tao sa ginawang mahigit na 37,000 operasyon laban sa ilegal na droga.

Mahigit ding 237 taniman ng marijuana ang winasak na bunga nito, nasira ang P738.6 milyong halaga ng marijuana plants at derivatives.

Nakapagtayo rin ng 111 'Bahay Silangan' ang PDEA para sa rehabilitasyon ng mga nais magbagong adik sa bawal na gamot na dito, mayroong 2,000 'graduates ' at 894 emoloyed individuals.

Mahigit na 300,000 drug users ang sumailalim sa community-based rehabilitation programs, habang 67,045 sa kanila ang binigyan ng intervention programs, base sa PDEA.

Tumulong din ang ahensiya sa pag-uusig sa naisampang 45,850 drug cases laban sa druglords at drug users noong 2022.

# ICC have no sovereign over us: JPE, Remulla



**Juan Ponce ENRILE**



**Boying REMULLA**

**by ADELAR. ZAMORA** – Presidential Legal Counsel, Juan Ponce Enrile and Department of Justice Secretary Jesus Crispin 'Boying' Remulla, warned the International Criminal Court (ICC) not to cross the line by its continued interference in the country's internal affairs .

Enrile or JPE to his friends made the suggestion of jailing ICC probers after Remulla also described as already "irritating" the persistence of the ICC to proceed with its probe on the country's "war on drugs" during the Duterte administration despite the country already withdrawing its membership with the body.

The Philippines' withdrawal from the ICC took effect nearly 3 years ago, on March 17, 2019.

"As the lawyer of the President, as far as I am concerned, I do not recognize the jurisdiction of the International Criminal Court of Justice. They have no sovereign power over us," said JPE.

"If they come here, if I were to be followed, I will cause their arrest. They interfere too much in our internal affairs," he said.

The ICC claimed they can still investigate those incidents that occurred between November 2011 and March 2019, when the Philippines was still a member of the ICC.

Official government data on the casualties of the drug war was placed at 6,181.

Communist Party of the Philippines (CPP) front groups and foreign-paid media groups bloated the figure to more than 30,000—the latter being the "data" and the "evidence" that the ICC would now want to prove.

Justice Sec. Remulla said that he will not welcome the move of ICC investigators to come to the Philippines,

"I will not stand for any of these antics that will tend to question our sovereignty. I will not accept that," Remulla said.

# Pinoy numero... *mula sa p.1*

Sa report, ang Turkey ay may 11.7 percent; Japan, 12.8 percent; Greece, 14.0 percent; and China, 14.5 percent.

Kulelat ang Russia na may 6.3 percent na mahilig gumamit ng social media.

Ito pa ang sabi ng Meltwater at We Are Social: mula sa edad 16 - 24, 30.6 percent dito ay babae, at 24.3 ay lalaki.

Sa edad 25-34, 27.3 percent dito ay babae at sa lalaki, 22.8 percent.

Nangunguna rin ang Pilipinas sa buong mundo sa paggamit ng internet na madalas ay nanonood kada linggo ng mga vlogs o kaya ay naglalaro ng video games, at nanonood ng balita gamit ang social media.

Ang Meltwater ay isangsoftware and online media monitoring company, habang ang We Are Social ay isang malikhaing ahensiya na aktibong sangkot sa social media.

# De Sagun, nag-'visita iglesia'

**ni LOD BELTRAN** – Panalangin at humingi ng basbas sa Diyos ang unang ginawa ni dating Trece Martires City (TMC) Mayor Melencio 'Jun' Loyola De Sagun Jr. sa unang araw ng opisyal na pangangam-panya para kanyang kandidatura para kongresista ng ika-7 distrito ng Cavite sa Pebrero 25.

Kasama ang maraming tagasuporta, binisita at nanalangin ang dating alkalde sa mga simbahan ng Indang, TMC, Tanza at Amadeo -- mga lokalidad na nasasakop ng ika-7 distrito ng lalawigan.

Nagbitiw si dating 7th Dist. Cong.Jesus Crispin 'Boyingè Remulla matapos na tanggapin ang paghirang sa kanya ni Presidente Bongbong Marcos Jr. bilang secretary of Department of Justice.

Bukod kay De Sagun, kandidato rin si Crispin Diego 'Ping' Remulla, Jose Angelito Domingo Aguinaldo, a Michael Angelo Bautista Santos.

Anak ni DOJ Sec. Remulla si Ping Remulla, 7th District Board Member ng Sangguniang Panlalawigan ng Cavite.


Sa rekord ng Commission on Elections (Comelec),mayroong 355,184 rehistradong botante mula sa 116 barangay sa mga bayan ng Amadeo, Indang, Tanza at TMC.

Matatapos ang pangangampanya sa Peb. 23 para kasunod ang botohan sa Peb. 25.



**Jun DE SAGUN**

# Kaninong human rights ang ipinaglalaban ng CHR?



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

PANAY ang pag-iingay ng Commission on Human Rights (CHR) para kumbinsihin si Pres. Bongbong Marcos na payagan ang International Criminal Court (ICC) na mag-imbestiga -- at kung may makitang mga ebidensiya -- ay usigin si dating Pres. Digong Duterte sa paratang na extrajudicial killings (EJK) sa giyera nito laban sa mga drug lords at mga adik.

Salamat at kinontra ito ni Justice Sec. Boying Remulla na sinabi na gumagana ang hustisya sa bansa, katunayan maraming pulis na kinasuhan ng pagpatay sa mga drug offenders ang napatunayang guilty at nakakulong na.

Saka, hindi na tayo miyembro ng ICC kaya wala silang karapatang makialam sa ating sistema ng hustisya, at tayo bilang isang nagsasariling bansa, walang pakialam ang ICC kung paano natin ilalapat ang katarungan sa ating mamamayan na biktima ng karahasan, pagpatay at iba pang uri ng kriminalidad.

Bakit pag pumatay ang terroristang NPA, walang ingay ang CHR, pero pag may napatay na suspek na miyembro o lider ng NPA, ang ingay-ingay nila at panay ang katsang na ang gobyernong Duterte at ang gobyernong Marcos ay walang ginagawa para protektahanang karapatang mabuhay ng mamamayang Pilipino.

Ating hinahamon ngayon ang CHR na ipakita ang kanilang malasakit sa buhay tungkol sa kaso ng dalawang pulis na noong Disyembra 3, 2022 ay inambus at pinatay ng mga galamay ng druglords.

Two police drug operatives were shot to death on Saturday in Pampanga following an operation in Mabalacat.

Galing sa isang buybust operation, Sabado ng hapon sina PSMS Sofronio C. Capitle Jr., at PSSG Dominador V Gacusan Jr. kapwa pulis na nakatalaga sa Mabalacat City Police Station-Station Drug Enforcement Unit nang tambangan sila ng limang di-nakilalang lalaki na sakay ng dalawang motorsiklo.

Nakasuot ng bonnet at may mga takip sa mukha ang mga kriminal na nirapido ng putok sina Capitle at Gacusan na sakay ng motorsiklo pabalik sa kanilang estasyon.

Eto ang malupit: malapitang binaril sa ulo ang dalawang pulis ng mga kriminal para siguraduhing patay sila.

Marami pang ganitong insidente ng pagpatay sa ating pulis at sundalo at sibilyan, pero wala, ni konting himutok na pampalubag loob, wala tayong naririnig sa CHR.

Pag suspek na rebelde o kriminal ang napatay sa engkwentro, ay parang inahing hindi mapaitlog, panay ang putak ng CHR.

Pero ang katulad ng karumaldumal na pagpatay kina Capitle at Gacusan, may kandado ang bibig ng CHR at talo pa ang bulag at bingi sa walang pakialam na katahimikan.

Para kaninong human rights ba ang ipinaglalaban ng CHR?

# Ukay-ukay gagawin nang legal?



SIGAW AT PANANAW

by Jojo SICAT

ANO sa tingin nyo, may katwiran ba ang panukala ni Senador Raffy Tulfo na gawing legal importasyon at pagbebenta ng ukay-ukay?

Pansin ng senador, kahit mahigpit ang pagbabawal sa importasyon ng ukay-ukay o second hand clothings and textiles materials, patuloy itong naipupuslit sa Customs at naibebenta sa publiko.

Health issues ang dahilan ng pagbabawal: ito ay upang maiwasan ang pagpasok ng mga sakit, disease na maglalagay sa peligro sa buhay at kalusugan ng mamamayang Filipino.

Nais ipabasura ni Sen. Tulfo sa inihaing Senate Bill No. 1778 na ibasura na ang Republic ACT 4635, ito ay dahil sa hindi naman ganap at mahigpit na naipatutupad ang pagbabawal sa importasyon at pagbebenta ng ukay-ukay.

Tama siya kasi, nakikita naman natin na sa kung saan-saang lugar ay may nagtitinda at bumubili ng ukay-ukay.

Kabi-kabila ang ukay-ukay stores, maging sa mga malls ay itinitinda ang mga ito.

Ano nga ang silbi ng isang batas kung hindi naman naipatutupad?

Saka, napapansin nyo ba, pag may calamity -- tulad ng bagyo, baha o may nasunugan, madalas kaysa hindi, damit na ukay-ukay ay kasama sa relief goods na ipinamimigay ng LGUs at maging ng national government sa mga biktima.

Mismong gobyerno ang lumalabag sa batas, lalo na at iniuutos pa na ang mga abandoned shipments ng ukay-ukay ay ipinado-donate sa flood, fire and calamity victims.

What an irony, hindi po ba?

Ito palang ukay-ukay ay isa nang ₱18 Bilyon industriya na ayon sa mga report ay nagbibigay ng libo-libong trabaho na hindi nakokolektahan ng tamang buwis.

Kabilang ito sa underground business na kung mabubuwisan at makokolekta nang tama ay malaking dagdag sa pondo ng bayan.

Sa panukala ni Sen. Tuldo, aatasan ang Tariff Commission na makipagmiting sa iba-ibang ahensiya upang tiyakin ang tamang taripa o buwis sa commercial importation.

At ang Department of Health, ayon sa panukala ay inaatasang lumikha ng mga gabay at tuntunin para sa matiyak na ligtas sa anomang nakahahawang sakit ang mga iniimportang ukay-ukay.

So, far, wala pa tayong balita kung tinatalakay na ang panukalang gawing legal na ang importasyon at pagbebenta ng ukay-ukay sa Senado.

@@@

Masaya ngayon ang mga lehitimong Karaoke Bar sa Paranaque City sa mabilis na aksyon ng pulisya tungkol sa matagal nang reklamo na nag-o-operate nang ilegal ang ilang karaoke bars na front pala ng prostitution.

Sa mabilis na aksiyon, ipinasara sa utos ni National Capital Region Police Office (NCRPO) chief, Mayor Gen. Jonnel Estomo ang naturang ilegal karaoke cum prosti joints.

Sa utos ni MGen. Estomo, agad na sinalakay ng mga tauhan ni Southern Police District director, Brig. Gen. Kriby John Brion sa pakikipagtulungan ni Paranaque City Mayor Eric DL Olivarez, sarado na ang mga establisimyentong ito na sumisira sa moral ng kabataan.

Nalaman sa ginawang aktibidad na marami sa mga ito ay walang mayor's permit at lisensiya mula sa Business Permit and License Office (BPLO) ng Paranaque City.

Noong una, matapos na maipasara, nag-operate uli ang mga ilegalistang karaoke bars pero ngayon, pinostehan na at nilagyan ng permanent closure order ang mga ito.

At balita natin, sinampahan na ng patong-patong na kasong kriminal ang ipinasaradong karaoke bar cum prosti den -- na ang karamihan ay nasa kahabaan ng Ariport St. sa Baclaran, Paranaque City.

Mula sa kolum na ito, ang aming mainit na pagbati: Mabuhay kayo, mga tunay na Public Servants!

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
GENE TAPARAN TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
LOD BELTRAN
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Batangas Correspondent: JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Paminta, kape, atsara, rekadong pampalasa, atbp sa "Produktong Bailen"

**ni DOMZ B. CAOILE –** Nagsimula nitong Lunes, Pebrero 6 ang pagtatanghal ng produktong agrikultura sa bayan ng Gen. Emilio Aguinaldo (Bailen).

Tinawag ang aktibidad na "Produktong Bailen" Trade Fair , sinabi ni Department of Trade and Industry (DTI) Cavite Provincial Director Rev Cortez and Froy Galapon na layunin nito na makilala ng publiko ang iba-ibang produktong gawa sa munisipalidad.

Pinasalamatan ni Bailen Mayor Dennis Gleanang mga mga opisyal ng DTI at ang mga lokal na entreprenuer sa kanilang pagsisikap na makalikha ng mga produktong bukid na bukod sa masarap na, masustansiya pa.

Ipaparada sa Trade Fair ang ilang sa likhang pamplasa at pampaganang pagkain, Kapeng Bailen,nakabotelyang paminta at atsara, fruit powders, shirts, macrame at iba pa.

Ilalahok ang mga produktong ito sa OTOP program and trade fair ng DTI.

Sa kanyang opisyal na Facebook page, inaanyayahan ni Mayor Glean ang publiko na pumarine sa Bailen at tikman ang iba-ibang putahe, lutiuin at mga produktong pang-agrikultura ng Bailen.

Katuwang sa pagtatanghal ang Department of Agriculture na ang layunin ay mabigyan ngpagkakataon ang mga produktong Bailen na maipakilala sa publikong mamimile.

"Parine na sa Bailen." paanyaya ni Mayor Glean na sinabing tatagal ang Trade Fair hanggang Pebrro 12, sa bakuran ng St. Joseph Parish Church.

Ipakikita rin sa pagtatanghal ang mga aning gulay, prutas at iba pang produktong agri ng magsasaka ng Bailen, na sabi ni Mayor Glean ay maipagmamalaking produktong Cavitenyo./ kasama si **Ruel Francisco, PIA-Cavite**



*Bailen Mayor Dennis Glen (at the center) proudly.presents the town's agri products together with the local government officials, DTI executives and local food manufacturers.*














# Cool musicians sa Alfonso, ikinatuwa ni Mayor Salamat



ANO'NG tinig sa mundo ang nauunwaan at ikinagagalak ng bawat tao?

Musika, at sabi nga, ito ang boses ng ating kaluluwa.

Isang paham ang nagsabi na isang malaking trahedya sa mundo kung mawawala ang musika.

Kaya nang piliin ng mga sikat na banda at musikero na gumawa ng music video sa bayan ng Alfonso, ganun na lang ang tuwa ng akalde.

Sa kanyang Facebook post ay sinabi ni Mayor Randy Salamat ang kagalakan niya sa pagbisita ng musikerong Parokya ni Edgard, Kamikazee, Greyhoundz, Gloc 9, Keso, Arci Muñoz, Typecast, Motherbass at Badburn at iba pang mang-aawit para gumawa ng kani-kanilang music video.

"Grabe naman mga idol nagsama sama sa Alfonso para sa isang music video. Maraming Salamat po at Alfonso, Cavite po ang napili ninyong lugar," sabi ni Mayor Salamat.

Sa larawang ipinost sa kanyang FB page, makikita ang tropang Parokya x Kamikazee x Greyhoundz x Gloc 9 x Keso x Arci Muñoz x Typecast x Motherbasss x Badburn .

Ay cool na nga ang klima sa Alfonso, grabeng cool pa si Mayor Salamat sa pagpapasalamat sa mga idolong musikero at mang-aawit na pilling sa Alfonso gumawa ng kani-kanilang awiting video. /Domz B. C.

# Imus City kicks off the 2023 National Arts Month celebration

THE Imus City Tourism and Development Office, headed by Dr. Emanuel R. Paredes launched the 2023 National Arts Month celebration in the City of Imus last Monday, February 3, 2023.

The celebration will showcase the talents, the artworks and crafts of Imus local artists, with food bazaar and performances.

The month-long Love ARTfair formally opened with a ribbon-cutting ceremony led by Dr. Paredes together with the head of the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office, Ms. Rozelle Sangalang, and witnessed by other city government officials and city residents.

City Councilor Jelyn Maliksi also witnessed the event and showed her support to the local Imuseno artists.

In the opening program, guests and participants were welcomed by Dr. Paredes.

Meanwhile, Mr. Jose Rafael C. Alarcon, Supervising Administrative Officer of the Sangguniang Panlungsod, revealed that it was the first time the City celebrated National Arts Month since its declaration in 1991.

Alarcon emphasized that it gives a chance for the local artists to gain recognition not only in their city but also across the province of Cavite.

Likewise, he reiterated the city government's support especially for the new generation of artists, in showcasing their skills and creativity.

Ms. Sangalang expressed her gratitude to the City Government of Imus and City Tourism Office for hosting the Arts Month celebration and noted that "arts and culture are something unique in a locality, in a city or municipality, in a community, in a province."

Hence, their office greatly appreciates LGUs' efforts and initiatives to preserve, promote, and develop culture and arts in the communities.





# PGCEA officers formally sworn into office








IN a solemn but historic induction ceremony, the first set of elected officers of the Provincial Government of Cavite Employees Association (PGCEA) for 2023 to 2025 formally took their oath officiated by Provincial Administrator for Internal Affairs, Mr. Renato A. Abutan, last January 31, 2023 at the Ceremonial Hall, Provincial Capitol Building, Trece Martires City.

PGCEA officers are composed of Ms. Michelle S. Osorio – President; Mr. Joseph M. Avecilla – Vice President; Angelica Joy A. Balanquit – Secretary; Mr. Paul Mark M. Feranil – Assistant Secretary; Myrachel P. Cuadra – Treasurer,; Karen Dela Cruz – Assistant Treasurer; Ms. Josefina M. Ayon – Auditor, and Mr. Walter M. Pereña and Ms. Genevieve B. Rogado – Public Relations Officers.

The event was attended by Atty. Annaliza Mercene-Pulmones, Provincial Legal Officer who also served as one of the advisers of the organization during its inception.

In her welcome message, Atty. Pulmonese expressed her appreciation to everyone who has been instrumental in the successful creation of PGCEA for the benefit and welfare of PGC employees, especially to PA Renato Abutan who has been very supportive of the organization.

PA Abutan thanked all the interim officers for their hard work and dedication in ensuring that all the tasks are carried out, from employee orientation up to the conduct of an orderly election.

He also congratulated the newly-elected officers and challenged them to take the responsibility to heart as the oath-taking is only the beginning of more work ahead. .

Ms. Maribel S. Bernal, PGCEA Interim President, led the turnover activity to the new officers by handing over the ceremonial key, which symbolizes the opening of new roles and responsibility, the gavel, which connotes authority and order, and the constitutional by-laws that serves as the guide of PGCEA.

She also extended her heartfelt gratitude to her co-interim officers and the members of the ELECOM including the volunteers for their unparalleled support and commitment.

In her acceptance speech, GCEA President Michelle S. Osorio affirmed their gratefulness for the opportunity entrusted to them by their fellow PGC employees.

"Simulan na natin itong challenge na ito, itong trabahong ito at kakayanin natin ito sa tulong ng ating mga co-member," Ms Osorio said.

In closing, Ms. Maria Fe Satsatin, head of Human Resource and Management Office, and also one of PGCEA's advisers, wished that the establishment of the employees' organization serves as guide and bond to unite the PGC employees.




## Walang umuuwing... mula sa p.8

mo kami lagi."

Sabi ko, wag akong intindihin at mas asikasuhin niya ang mga tao na may inilalapit sa kanya, at nakita ko, how he works, isa nga siyang magaling na executive leader sa pakikitungo sa mga nasa opisina niya.

May ngiti sa mga labi sa tuwing magpapaalam at magpapasalamat kay Mayor Jonjon: ibig sabihin, kung anoman ang inilapit, solve na, okey na.

As a mayor, he works well with other city officials and employees with good governance dynamics and helps empower others to make things happen.

Nasaksihan natin kung paano sila nagtulungan ng kanyang Kuya Ony na mula sa pagiging munisipalidad, ngayon ang GenTri ay isang maunlad na component city ng Cavite, at patuloy ito sa pagiging progresibon lungsod.

Brothers Ferrer has provided leadership opportunities to city government officials and employees and through their charisma, they were able to bring together diverse groups to tackle community issues.

Sa ganda at husay ng pamamahala ni Mayor JonJon at ni Cong. Ony, lalo nga ngayon at kasama si Vice Mayor Jonas at ang buong Sanggunian, patuloy ang GenTri City sa pagmamarka niya na maging pangunahing siyudad sa Cavite.

# DOST setup beneficiary upscales with newly acquired FDA-license to operate




**CAGAYAN DE ORO CITY –** With the newly acquired License to Operate (LTO) from the Food and Drug Administration (FDA), SG Business Ventures Inc., a woman-led enterprise, is now eyeing more business opportunities, including expansion of their e-nutribun production in more parts of Cagayan de Oro City and in neighboring cities and provinces.

The firm received the License to Operate, through the consultancy services of the Department of Science and Technology (DOST).

This support included a writeshop on documentation for current Good Manufacturing Practices (cGMP), and quality Standard Sanitation Operating policies, plans and procedures (SSOPs). These documents are among the major requirements of the FDA.

In order to track its progress in putting its GMP and SOP guidelines into practice, the firm was also enrolled in the Manufacturing Productivity Extension (MPEX) Program on which the firm received consultancy services from experts in having a standardized production process. DOST also helped the firm in obtaining its approved Trademark for the Bake O' Clock logo. SGBVInc is also a recipient of the UV Light Germicidal Sterilizer from DOST to ensure the quality of products and a safe place for workers.

SG Business Ventures Inc. was also one of the finalists of the DOST-FIC Mind to Market Program on Banana Flour concept as a substitute for wheat flour on select pastry products. Its Utility Model Application is also currently being processed.

The firm is a beneficiary of the Small Enterprise Technology Upgrading Program of DOST in 2020. Through the program, the firm was able to acquire numerous food-grade equipment for their pastries and for the adoption of DOST Food and Nutrition Research Institute (FNRI)'s technology, the enhanced nutribun.

The firm has supplied ENutribun to the National Nutrition Council (NNC) on their Tutok Kainan Feeding Program for Pregnant Women for the select municipalities in the province of Bukidnon.

It also supplied ENutribun to the Province of Misamis Oriental for the Feeding Program of Pregnant Women in all the municipalities as well as supplying the demand of the Department of Education.

In a message, owner, Agnes Gonzales, expressed her thanks to the SETUP program that sustained their business even with the pandemic.

"I believe that we have grown from our humble beginning of just one store to now four stores including a separate area for our Enhanced nutribun production site. Sales and productivity have significantly increased, thereby creating more jobs for the community in Barangays Indahag, Macasandig and Carmen areas. Thank you so much DOST, you have helped us sustain our business. We are forever grateful", she said. **(Raziel Antoniette Bayagna/DOST10)**






## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ABELARDO V. TOLENTINO,** who died on June , 2022 at James I, Gondon Memorial Hosptal, Olongapo City, Zabales, left a parcel of land covered by Tax declaration No. AC-00014-19075 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Felirico T. Macabangun, under Doc. No. 95, Page No. 20, Book No. XX, Series of 2003.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 6, 13 & 20, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE RUDY PORRAS SERAPIA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **RUDY PORRAS SERAPIA,** who died on April 10, 2005 at 226 Gahak, Kawit, Cavite, left parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-66986 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 44, Page No. 10, Book No. 1, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 23, 30 & FEBRUARY 6, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SANTIAGO C. SORIA

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SANTIAGO C. SORIA,** who died on February 22, 2020 at Quezon City, left parcel of land covered by Tax declaration no. 13 0026-00222, Tax declaration no. B-0006-01567 & Transfer Certificate of Title No. T-943118 and Savings Account in the amount of One Hundred Eighty THosuand Eight Hundred Eighty Five and Twenty Four Centavos (Php180,885.24) with account number 007020073279 –BDO Unibank Inc. Naic, Cavite branch; Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 44, Page No. 10, Book No. 1, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**JANUARY 23, 30 & FEBRUARY 6, 2023**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 19 | 10.00 | FEBRUARY 6 - 12, 2023

# Walang umuuwing luhaan!



REVANZE

by Domz B. CAOILE

AS expected, nanalo nang walang kalaban ang aming boss, Mayor Jonjon Ferrer sa nakaraang May 2022 national elections.

His Team Ferrer won: balik ang kuya Atty. Ony as Cavite District representative at ang buong team ng Sangguniang sa pamumuno ni Vice Mayor Jonas Labuguen ay nanalo, pati na ang dalawang provincial board members.



*The most able partner of GenTri City's progress: Vice Mayor Jonas Labuguen*

Kahit na ilang ulit na naging mayor (at congressman) si Mayor Jonjon, still he said: being a mayor is a very tough job.

Isang Lunes ng umaga, sa matagal na panahon, dumalaw ako sa opisina ni Boss Jonjon at nakita ko siya, busy sa pagharap sa mga tao, always on the go, parang hindi napapagod.

I saw that day how a mayor like Mayor Jonjon faces enormous expectations from his constituents.

It is because, the public often believes that the office holds great power and on that day, the people who ask help from Mayor Jonjon expect positive results.

At nakita ko, kung paano asikasuhin ni Mayor Jonjon ang lahat, sabi nga, "walang umuuwing luhaan."

Natatandaan ko ang interview ko sa kanya noon sa kanilang farm, sa induction ng isang press organization.

Even as he is a Caviteno mayor and congressman, he still feel the pressure of the job.

"Mahirap na trabaho ito, ... it's a big job," he said.

Kumbaga, ang tingin sa iyo ng mga tao, you are the in charge of everything; that a mayor controls controls everything.

Parang isa kang madyikero na lahat ng problema, malulutas, kasi ikaw si Mayor.

Gusto ng tao, kahit imposible, they want positive results.

That day, nang makita ako ni Mayor Jonjon -- kahit matagal na kaming hindi nagkikita at nagkakausap, nanduon pa rin ang init, ang pagmamalasakit.

He asks: "Ano ang atin... ano ang maitutulong ko?"

I said, "Wala naman po, Mayor ... dumalaw lang ako sa inyo ... kasi matagal na tayong di-nagkikita, pati si Vice Mayor Jonas (Labugen), bumati lamang po ako sa kanya at sa inyo."

Mayor Jonjon said, "Salamat at naaalaala

*Sundan sa pahina 6*



*What a busy day for Mayor Jonjon Ferrer: meet up with some of her constituents and listening and offering solutions to their concerns; signing important documents to implement better services to the GenTriseños.*

# Mayor Mendoza continues Covid-19 response and challenges




**MENDEZ —** Every day is 'hard work day' for Mayor Francisco 'Cocoy' Mendoza and if he feels tired, he pump up himself by a mug of black coffee drink made from the famous 'kapeng barako' of his town.

And despite the lockdown and quarantine against Covid-19 pandemic, the young looking mayor is always on alert status in the fight against the pandemic.

Mayor Cocoy believes that revention is the best action against this virus that continue to claim millions of lives world-wide.

At least, Mayor Mendoza said what his government can do from previous experience was to preempt the spread of the disease since it couldn't be stopped, and cushion the socioeconomic impact on the lives and livelihood of his constituents.

In his previous posts on his Facebook page, Mayor Cocoy always reminded his kababayan to wear face mask, have themselves get Covid-19 vaccination and always maintained personal hygiene and continue to observe health cautions in crowded public places.

According to one of his staff, Mayor Mendoza is always on the alert on the data on infections, vaccinations, testing and contact tracing.

"He's always act immediately on any problems. During the height of pandemic, Mayor Cocoy initiated several projects to help people in need of vaccine, medicines, and food and relief packages and put up vaccination sites," the staff said in Filipino.

As of this writing, the mayor's post showed Patient No.2770 has recovered from Covid-19 infection.

"Bagamat's magandang balita ito sa ating lahat, patuloy pa rin po ang mga alituntunin ukol sa paglaban sa Covid-19," said Mayor Mendoza.

Still being observed, the post said Patient No.2771, a residentof Brgy. Palocpoc 1, who is a 72-year old person with comorbidity, symptomatic and in hospital isolation as of this writing.

Another Patient No. 2772, a 28-year old resident of Brgy. Galicia is asymptomatic and also in hospital isolation.

Mayor Cocoy asks the netizens to continue praying for the speedy recovery of the patients.

"Ipagdasal po natin ang kanilang maagalang paggaling," Mayor Mendoza implored.

Report said there are about 19 active cases now being treated in hospitals.

Aside from health issues, Mayor Mendoza continues to address other political and social problems of his kababayang Mendezenos.

Indeed to his constituents, Mayor Mendoza has all the qualities a leader should have: Pasensya (patience), pag-unawa (understanding), pagmamalasakit (caring for others), pagmamahal (passion to serve).

"Kaya po malapit sa kanya ang mga tao, kasi marunong siyang makinig, at mabilis kumilos sa pagtulong," his staff said.

And because of this, in Mendez, the local government and the people always work hand in hand./ BB Central Desk